

Nawawalan ng koneksyon sa realidad?

PAG-INTINDI SA PSYCHOSIS

(Tagalog Version)


陪我講 SHALL WE TALK




Ano ang psychosis?

Ang Psychosis ay isang mental na estado kung saan ang pang-unawa ng isang tao at ang interpretasyon nya sa mga bagay ay naistorbo. Nakararanas ang indibidwal ng kawalang koneksyon sa realidad. Ipinapakilala ang psychosis sa mga delusyon, guni-guni, pati na ang hindi organisadong pag-iisip at pananalita. Kasama sa mga karaniwang sakit sa pag-iisip na may psychosis bilang pangunahing sintomas ay ang schizophrenia at sakit sa delusyon.

Gaanong karaniwan ang psychosis?



Halos 3 sa bawat 100 katao ay nakararanas ng kondisyon



Karaniwang nangyayari ang unang yugto sa pagitan ng edad 15 at 30

Ano ang mga sintomas ng psychosis?

Kabilang sa mga sintomas ang:



- Delusyon - pagkaistorbo sa pag-iisip
- Guni-guni - pagkaistorbo sa persepsyon ng pakiramdam




- Hindi organisadong pag-iisip at pananalita



Kung ikaw ay nakararanas ng mga katulad na kondisyon, mangyaring kumonsulta sa doktor o sa isang klinikal na psychologist para sa propesyunal na pagtatasa at upang makatanggap ng nararapat na paglunas sa lalong madaling panahon.

Paano gamutin ang psychosis?



A Pagbibigay ng Gamot

Nakakabawas ng mga naaangkop na sintomas ang Antipsychotics at nakakapigil ng pagbalik nito sa pamamagitan ng mulling pagbuo ng balanse ng neurotransmitters sa utak, tulad ng dopamine.



B Psychological na Paglunas

Madalas ginagawa ang psychological na paglunas kasama ang pagbibigay ng gamot. Nakatutulong ito sa tao na matutunan ang mga paraan at kasanayan upang makayanan ang mga sintomas ng psychosis at mabawasan ang psychological distress.



C Pagtulong ng Pamilya

Ang pagtulong ng Pamilya ay isang importanteng paglunas. Ang therapist ay magbibigay ng nararapat na impormasyon tungkol sa psychosis, tutulungan ang mga miyembro ng pamilya upang malinawan sa mga problemang kinakaharap nila at turuan sila ng mga solusyon.

Nagagamot ang psychosis. Kung sa tingin mo ay maaaring nakararanas ka ng psychosis, kailangan mong humingi ng tulong sa lalong madaling panahon.

Maaari mong matulungan ang tao sa pamamagitan ng:



pagiging ma-konsidera sa tao



Makipag-usap at hikayatn ang tao



Hikayatn ang tao na tunmanggap ng lunas



Alamin ang mga senyales at sintomas ng pagbabalik nito

Para sa iba pang impormasyon:



Kumonsulta sa iyong doktor



Tumawag sa mga sumusunod na hotline:
18111 Hotline ng Suporta sa Kalusugang Pangkaisipan
18111
Hotline sa Kalusugang Pangkaisipan ng Awtoridad ng Ospital
2466 7350



Bumisita sa shallwetalk.hk



Pag-intindi sa Psychosis

精神健康諮詢委員會
Advisory Committee on Mental Health



Nirebisa ng 2024